

Alam mo ba ang jichikai o barangay?

Para sa ikabubuti at pagkakaisa ng bawat barangay sa bansang ito, itinatag ang jichikai. Ang samahang ito ay kabalikat ng mamamayan upang ihatid ang anumang impormasyon, mga ebento at iba pang programa upang magkaroon ng mas malalim at pag kakaunawaan ang bawat isa.

Mayroon din pong mga sakuna na di inaasahang dumarating at darating pa. upang malaman natin ang mga paraan upang makaligtas o mapaghandaan ito, hinihiling po namin na makiisa at sumali sa samahang ito, upang maibahagi namin ang mga kaalamang ito at magkatulungan tayo.

Mga gawain ng jichikai

Lpinamimigay na babasahin para sa mga kaalamang pang bayan.



Pagsubaybay sa mga mag aaral upang maiwasan ang sakuna sa pagpasok at pag uwi.



Mga programa tulad ng undokai, umatsuri, pagsasanay sa lindol at iba pa.



「Araw ng paglilinis」 sama samang lilinisin ang paligid.



Pagtawag pansin sa pag iwas sa sunog at paghihiwalay ng mga basura.



Pag papaabot ng ating mga kahilingan sa namumuno.



●Paano makakasali sa samahang ito?

Para sa marunong mag nihongo, tumawag sa Yamato Jichikai Renraku Kyogikai (TEL: 046-260-5130)

Para sa di pa kayang mag nihongo, nasa kabilang page po ang telepono.

●Regulasyon sa pamumuhay

Para sa mga dayuhang naninirahan dito, may mga bagay na maaaring maging problema tulad ng salita, kultura, pamumuhay at iba. Upang maiwasan ito, kailangang alamin natin ang mga regulasyon, at magkaroon po tayo ng pakikitungo sa mga kapitbahay, maaari rin po tayong makipag ugnayan sa mga nakasulat sa ibaba at sundin ang mga sumusunod:

- ① Ugaliing bumati sa mga kapitbahay, kilalanin at makipag kaibigan. Maging makatarungan ang pagtira natin dito.
Sa umaga [ohayo gozaimasu] tanghali [konnichiwa] gabi [konbanwa] pasasalamat [arigatou]
- ② Iwasan lamang po natin ang malakas na patugtog at usapan, dahil naririnig po sa kabilang bahay, lalo na sa mansion o apartment. Panatilihin po natin ang magandang asal.
- ③ Bawal po ang apoy sa mga park o lugar na pang publiko. Alamin sa Yamato Intl. Association kung ibig ninyong mag barbeque o salu salo sa mga lugar na maaaring upahan. Alamin din po kung maaaring gumamit ng apoy sa lugar na inyong pupuntahan
- ④ May araw po ang pagtatapon ng mga basura at recycle. Alamin din po ito.
- ⑤ May tamang lugar po ang pagparada ng mga bisikleta, upang maiwasan ang anumang problema, maaari po lamang na iparada ito sa tamang lugar.

●Serbisyo ng Yamato International Association sa interpretation

Kung may kahirapan po tayo sa mga papeles, o sa anumang bagay, tumawag po sa araw na may interpreter at handa po silang tumulong sa atin.

wika	araw	oras	lugar	telepono
Spanish	Martes	9 : 00~12 : 00 13 : 00~16 : 00	2 nd flr. Yamato City hall International • Gender Equality Division	046-263-8305
	Biyernes	9 : 00~12 : 00 13 : 00~17 : 00	Yamato International Association Exchange Salon	
English	Martes- Biyernes	9 : 00~12 : 00 13 : 00~17 : 00		046-265-6053
Vietnam	Martes	9 : 00~12 : 00 13 : 00~16 : 00		
Tagalog	Miyerkoles	10 : 00~13 : 00		
Chinese	Huwebes	10 : 00~13 : 00		

Mayroon pong [Seikatsu guideline] ang International Exchange Salon at City Office na makakadagdag kaalaman po sa atin. Gamitin po ito.

※tumawag po sa Jichikai (sa nihongo po)

Yamato Jichikai Renraku Kyokiikai

〒242-8601 1-1-1 Shimo Tsuruma, Yamato, 1st Flr. Yamato City Office TEL 046-260-5130

※para sa may kahirapan sa mga bagay bagay

Yamato International Association

〒242-0018 1-3-17 Fukami Nishi, Yamato Beterigious Bldg 1st Flr TEL 046-265-6051